

Kailangan ng FEMA ang Iyong Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Release Date: October 15, 2022

TALLAHASSEE - Ang mga nakaligtas sa Florida na nag-apply para sa tulong sa sakuna ng FEMA pagkatapos ng Hurricane Ian ay hinihiling na magbigay ng kasalukuyang impormasyon sa pakikipag-ugnayan upang matiyak na ang proseso ng pagsusuri ng aplikasyon ay mananatiling nasa tamang landas.

Mahalagang i-update ang FEMA tungkol sa mga pagbabago sa iyong katayuan, lalo na ang iyong sitwasyon sa pabahay. Dapat mong i-update ang FEMA tungkol sa mga pagbabago sa insurance, numero ng iyong telepono at iba pang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa lalong madaling panahon at nang madalas kung kinakailangan. Maaaring kailanganin ng FEMA na makipag-ugnayan sa iyo. Ang nawawala o maling impormasyon ay maaaring maantala ang paghahatid ng tulong. Kapag nakikipag-ugnayan sa FEMA, panatilihin madaling gamitin ang siyam na digit na numero na itinalaga sa iyo noong una kang nag-apply.

Upang i-update ang iyong impormasyon, maaari kang tumawag sa 800-621-3362 mula 7 a.m. hanggang 11 p.m. o bisitahin ang isang Disaster Recovery Center. Para makahanap ng center na malapit sa iyo, i-text ang “DRC” at ang iyong Zip Code sa 43362 o bisitahin ang fema.gov/drc.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbangon ng Florida mula sa Hurricane Ian, bisitahin ang floridadisaster.org/info at fema.gov/disaster/4673. Sundan ang FEMA sa Twitter sa [FEMA Region 4 \(@femaregion4\)](https://twitter.com/femaregion4) / [Twitter](https://twitter.com/femaregion4) at sa facebook.com/fema.

###

Ang misyon ng FEMA ay ang tulungan ang mga tao bago, sa panahon, at pagkatapos ng mga sakuna.

Ang lahat ng tulong sa sakuna ng FEMA ay ipagkakaloob nang walang diskriminasyon sa mga batayan ng lahi, kulay, kasarian (kabilang ang sekswal na



FEMA

Page 1 of 2

panliligalig), oryentasyong sekswal, relihiyon, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, limitadong kasanayan sa Ingles, katayuan sa ekonomiya. Kung naniniwala kang nalabag ang iyong mga karapatang sibil, maaari kang tumawag sa linya ng Sanggunian sa mga Karapatang Sibil sa 833-285-7448.



FEMA

Page 2 of 2